

NEER



COPYRIGHT © 2018
by Precious Pages Corporation

All rights reserved.
First printing of the first edition, 2018
Printed in Manila, Philippines

Written by Angelica Sorreda
Illustrated by CJ Dee

Precious Pages Content Group:

Publisher: Segundo Matias, Jr.
Editors: Melanie Esguerra and
Aiko Clarizza Buduan-Salazar
Proofreader: Marie Anthoneth Velasco
Layout: Joel Dano and Alvin Bragais
Production Coordinator: Carlos Manalansan

Reproduction or usage of this work in whole or in part in any form by any electronic, mechanical, or other means, now known or hereinafter invented, including xerography, photocopying, and recording, or in any information storage or retrieval system, is forbidden without the permission from the publisher.

ISBN 978-621-03-0622-4



MAINGAY AT MAKULAY ANG CASINO

ng MP Athena Cruiser sa unang gabi ng paglalayag nito palibot sa naggagandahang isla at dagat ng Pilipinas. Lulan ng barko ang humigit-kumulang na limandaang mga turista.

Madaling nakihalo sa madla si Agent Leto, nakikinoood sa mga laro at makailang beses na ring sumali. Kahit na mukhang naaliw ay mahigpit niya pa ring sinusubaybayan ang mesa ng kanyang target na kasalukuyang wiling-wili sa pakikipaglaro sa ilang mga kalaban. Base sa kunot ng mga noo ng mga kalaban ng target ni Leto ay alam niya na kung sino ang nakalalamang.

Namumuti na ang buhok at halata na ang ilan pang senyales ng katandaan ni Mr. Johansen Lao. Isa ito sa nangungunang business personalities na humahataw ang net worth sa buong dekada. Kilala si Mr. Lao bilang isa sa pinakamayamang Filipino-Chinese business tycoon na naka-base sa bansa. Matalino at malupit sa larangan ng pagnenegosyo. Sa dami ng nagkalat niyang business institutions sa loob at labas ng bansa, masasabing he's a man of his game.

But Leto knows better.

Maaaring makinang ang bituin ni Lao pero naaamoy pa rin niya ang baho sa likod nito. Hindi niya maintindihan minsan kung may sumpa ba talagang kalakip ang sobrang kayamanan, o sadyang hindi nakukuntento si Lao sa kinikita nitong pera.

Business tycoon sa umaga, notorious drug lord sa gabi.

Alam ni Leto na sa madidilim na sulok ng mga bar at iba pang business establishments ni Lao ay ang lantarang kalakaran ng paggawa at pagbebenta ng droga. Matagal na ito sa negosyong iyon, at pusta niya, lahat ng pagmamay-arang negosyo nito ay droga ang puhunan.

Nakakabahala kung tutuusin na sa tagal na nito sa industriyang iyon ay walang nakakadakip sa kanya. Ilang presidente at termino na ang dumaan pero lalo pa yatang humakot sa takilya ang mga paninda ni Lao.

Sadyang iba talaga kapag droga ang usapan; madaling nabibili ang hustisya at batas dahil maski isang beses ay hindi pa nahuli si Lao. Nabili na yata nito ang isang parte ng PNP dahil kapag magkakaroon ng raid para dakipin si Lao ay palagi na lang itong nakakalusot. Umaatras sa palitan ng droga sa mga buy bust operations, nakakapag-alsa balutan ng drug factories ilang oras bago dumating ang mga pulis, nakakapagpatumba ng mga potensiyal na testigo bago pa man sila makapagsalita.

Ganoon ito katinik. Mistulang may bumubulong kay Lao na kampon ng diyablo kaya nakakaiwas ito bago pa man mabulilyaso.

At ang kampong iyon ang gustong makilala ni Leto. Ang Ponsyo Pilatong tauhan ng gobyerno na kumakanta sa mga operasyon ng pulisya.

Bahagi si Leto ng bagong dibisyon ng pulisya na kung tawagin ay Illegal Drugs Unit. Nakatutok siya sa kalakaran ng ilegal na droga bilang isang

undercover at surveillance agent. Si Lao, bilang isa sa mga ugat ng malalaking sindikatong nagkalat nationwide, ang kanyang pinakabigating target. Kabado man, kumasa si Leto na manguna sa pagmamanman kay Lao. Pero mukhang minaliit niya ang kahigpitan ng seguridad nito. Wala siyang makitang butas sa depensa ni Lao sa dami ng bodyguards na nakapalibot. Not that he will chicken out, though. Hindi iilang tuta lang ang makakapigil sa kanya.

May likas na talas ng alaala si Leto pagdating sa pagkilala at pagtanda ng mukha ng mga tao, at inaasahan niyang may makakadaupang palad siyang mga tauhan ng gobyerno. Pero nakakapagtakang wala sa mga kalaro ni Lao ang pamilyar sa kanya.

Patuloy na nagmasid si Leto, nagbabakasakali. Poker face si Lao habang hawak ang kanyang mga baraha, may sexy at magandang babaeng nakapulupot sa braso nito. Lima ang kalaro ni Lao, tatlo ay Tsinoy, isa ay American-National, at isang Asyano.

Pasimple ang pagtingin ni Leto sa mesa ng mga ito, at walang nakakapansin sa kanya dahil abala ang anim sa pagtingin ng kanya-kanyang baraha. Inikutan niya ang mga lalaki ng tingin,

mula kay Lao papunta sa Asyanong lalaki. Laking gulat niya nang biglang inalis ng Asyano ang tingin sa mga baraha. Tumingin ang mapupungay nitong mata sa kanya.

Sandaling natuon ang kanilang mga tingin sa isa't isa. Hindi umiwas si Leto dahil kahina-hinala iyon. Ngumiti ang lalaki sabay kindat sa kanya. Straight faced lang si Leto, hindi nagpaapekto kahit sa loob niya ay nahiya at kinilabutan siya. Hindi pa rin siya inalisang tingin ng lalaki kahit nagpakita na ng kawalan ng interes si Leto kaya siya na ang pumutol ng tinginan at bahagyang umirap palayo.

Mukhang wala siyang mahihita ngayong gabi kahit anong buntot niya kay Lao. Siguradong walang planong matulog ang mga ito at magsusunog lang ng pera buong magdamag. Mabuti pang tumigil muna siya at mag-isip ng iba pang plano, at least, napag-aralan na niya kahit paano ang mga galaw at higpit ng security nito.

Pitong araw ang itatagal ng cruise at magkakaroon din ng ilang stop over. Kailangan niyang makadiskarte sa loob ng ganoong kaikasing panahon.

Ebidensiya, mga kasabwat, oras at lugar ng transaksyon, at ang ahas na susi ni Lao para

makadulas sa kamay ng gobyerno. Limitado ang oras at tiyansa. Mas mahirap pa pala ang misyong ito kaysa sa inaasahan niya. Masyadong kunsumido si Leto sa pag-iisip na hindi niya napansin na nakatingin pa rin ang Asyanong lalaki sa kanya hanggang sa paglabas niya ng kuwarto.



IKINAGULAT NI LETO NA HINDI DUMALO

sa casino si Lao nang sumunod na araw.

Na-hack niya ang mga CCTV camera sa paligid ng VIP room ni Lao at bantay sarado niya kung may papasok o lalabas doon. Tanging isang bodyguard at ang room service staff lang ang pumasok sa loob ng kuwarto mula alas-otso ng gabi hanggang sa kasalukuyan. Mukhang walang planong magliwaliw at buong gabing magpapahinga ang matanda.

Dahil naiinis sa kawalan ng leads, napatambay muna si Leto sa may bar lounge at uminom nang kaunti. Pangtanggap niya ng yamot habang nag-

iisip ng plano kung paano makakapuslit sa loob ng kuwarto ni Lao para makapag-set ng hidden camcorder.

Hindi ganoon karami ang mga tao sa bar at suwabe ang saliw ng musika na sinasayawan ng ilang mga pares. Umiinom man ay alerto pa rin si Leto sa mga galaw sa paligid. Kaya naalisto siya agad nang isang lalaki ang biglang naupo sa tabi niya sa bar counter. Sumenyas ito sa bartender.

Mabilis na nakilala ni Leto ang pamilyar nitong mukha. Maputi, matangos ang ilong at mabilog ngunit matalas kung tumingin ang mga mata. Siya iyong manyak na Asyanong kalaro ni Lao noong nakaraang gabi.

On guard agad si Leto nang magtama na naman ang kanilang mga mata. Tumingin siya palayo at malinaw na nagpahiwatig ng kawalan ng interes sa estranghero, na siya namang binalewala nito.

“Hi,” malamig at malalim ang boses ng Asyano, buong-buo at humahagod. “Puwedeng makipagkilala?”

Pairap niya itong binalingan ng tingin. Medyo nagulat si Leto dahil marunong itong mag-Tagalog.

“Sorry, not interested.”

Sakto at paubos na ni Leto ang alak na iniinom kaya tumayo na siya para layasan ang lalaki. Pero natigilan siya sa sunod na sinabi nito.

“Wow. And here I thought sasamantalain mo na ang pagkakataong makalapit kay Mr. Lao through me.” Nginisian siya ng lalaki na mas lalong nagkainteres sa kanya. “You are interesting.”

Naalarma si Leto sa mga narinig. Tsk. Hindi maganda ito, mukhang napansin ng Asyano na minamanmanan niya si Lao. Instinctively, palihim na kumilos ang isa niyang kamay para abutin ang nakatagong baril sa suot na suit, paghahanda sakaling magkaloko-loko na.

“I mean no harm kaya puwede mo nang ilayo iyang kamay mo sa gatilyo. Kalma lang. I just want to talk, really.”

There is something about the way he looks na hindi gusto ni Leto pero hindi niya maipaliwanag. Nakangiti ito at direkta kung tumingin pero ang mga mata nito ay nagsasabing marami itong lihim.

“Ano’ng kailangan mo sa `kin?” agad na tanong ni Leto dahil wala siyang oras makipagbolahan sa isang ito.

“Pulis ka, tama?” pabulong na tanong ng lalaki sa kanya.

Lalong kinabahan si Leto pero pilit niyang hindi ipinahalata. Tiningnan niya ito ulit, mata sa mata, tinitimbang kung puwede ba siyang umamin o hindi. May kasiguruhan sa mga salita nito, parang alam na alam na oo ang sagot sa tanong nito. Gustong malaman ni Leto kung saan nanggagaling ang kasiguraduhang iyon.

“Yeah. Parak ako. Ano ngayon?”

Nakangisi pa rin ang lalaki, iniabot ang baso ng alak na inilapag ng bartender sa harap nito at uminom ng kaunti. “Hindi kita iti-tip kay Lao, maniwala ka, kaya you can let your guard down even just a little bit.”

“Oh?” sabi niya, voice saturated with sarcasm. Maere siyang nangalumbaba sa counter habang hawak sa isang kamay ang baso. “Mukha ba akong kumbinsido?”

“Believe me. Kahapon ka pa sana naipatumba ni Lao kung may intensiyon akong ilaglag ka,” mayabang nitong wika.

Mapanghamon niyang hinarap ang lalaki. “Sino ka ba?”

“I’m Samuel. You are?”

“Kaano-ano mo si Lao?”

“Hey, it’s unfair kung ako lang ang sasagot

sa mga tanong mo. Salitan tayo,” may hangin ng kapilyuhan nitong tinuran.

“Fine. Leto. Ikaw naman.”

“Nice name, Officer Leto. Professional Seer ako ni Lao. Tagabasa ng kapalaran at hinaharap. Manghuhula, sa madaling salita.”

Napakunot ang noo ni Leto. “Excuse me?”

“Hirap kayong makakuha ng ebidensiya at mahuli si Lao, `di ba? Tuwing huhulihin niyo siya, nakakahilagpos o nakakatunog siya last two minutes. Palagi na lang na `pag may tetestigo laban sa kanya, napapatay na iyon, biglang umaatras o nagbabago ng statement sa korte. Hindi ka ba nagtataka? Iyon ay dahil nababalaan ko na siya bago pa man mangyari ang mga hindi inaasahan, at nakakagawa na siya ng paraan para maiwasan ang lahat ng iyon. Eighty to ninety percent ang accuracy ng mga hula ko at so far, hindi ko pa siya nabibigo.”

Naglalaro sa isip ni Leto kung ano ang unang magandang itanong kay Samuel: kung sino ba ang nagsabi rito ng mga impormasyong iyon, kung anong drugs ang tinira nito, o kung gusto pa ba nitong mabuhay. Sa huli, walang nanaig kundi—

“Magderetsahan na nga tayo. What do you

want?”

Sarkastikong natawa ang lalaki sabay tingin sa kanya... with an obscene glint in his eyes.

Hindi na bago si Leto sa ganitong klaseng indecent proposal dahil may hitsura rin naman siya at may kapayatan kaya sapat na sagot na ang mapanukso nitong tingin.

Imbes na tumugon ay inilahad ni Samuel ang palad nito para hingin ang kay Leto.

“Alam kong hindi ka basta maniniwala sa `kin kaya hahayaan kong ang kakayahan ko mismo ang magpatotoo sa mga sinasabi ko. All I’ll ask is your name, birthday, one minute of your precious time at ang palad mo.”

“Hindi ako interesado,” naiiritang sagot niya.

“Ayokong umabot tayo sa bantaan, Officer Leto. Matutulungan kita at hindi naman mahirap ibigay ang gusto ko. Fair exchange, isn’t it? Wala namang mawawala sa `yo kung susubukan mo.”

“Sino’ng tinakot mo?”

Nararamdaman ni Leto na hindi basta-basta ang lalaking ito at hindi magandang ideya na banggain ito pero wala siyang pakialam. Hindi niya talaga gusto ang hilatsa ng mukha at dila ni Samuel at labag sa protocol ni Leto na gamitin ang sarili

sa kanyang mga misyon, let alone magpagamit sa kalaban.

“Mukhang nakakalimutan mo kung sino ang pulis sa ating dalawa. Tigilan mo na ko. Maraming iba d’yan na hindi ka tatanggihan. Ako na ang nagsasabi sa `yo, wala kang mahihita sa `kin.”

“Okay, sige titigilan na kita... Kung papayag ka munang basahin ko ang palad mo. Pangako pagkatapos nito, hinding-hindi na kita lalapitan.”

Talagang hindi ito nagpapatinag. Ang kulit at may gustong mapatunayan.

Pero kung ito lang ang paraan para tantanan na siya nito at matapos na, at dahil wala rin naman talagang mawawala sa kanya, pikon at labag sa loob niya na lang na nilahad ang kanyang palad at ipinatong sa kamay ng lalaki.

“Leto Cipriano. May 5, 1993. You have one minute.”

“I don’t get to show this off to everyone dahil mahal ang rate ko kaya enjoy,” mahangin nitong sabi na may malaking ngisi sa mukha, impressed sa sarili. Nawala iyon nang matuon na ang atensiyon nito sa kanyang kamay. Seryoso nitong tinitigan ang kanyang palad, sinisipat ang bawat linya at mga liko nito.

“Hmm. Matigas ang ulo at walang inaatasan. Mabait at maaasahan. Mahilig kang sumuot sa mga komplikadong sitwasyon na ikinalalagay ng buhay mo sa alanganin at ayaw mo sa rules. Mahigpit ka sa pera. Wala kang matinong girlfriend dahil masyado kang subsob sa trabaho. Classic.”

Doon medyo nagulat si Leto. Sapul ang lahat ng sinabi ni Samuel tungkol sa kanya. Pero hindi pa rin siya kumbinsido—kung ispiya ang taong ito ay madali lang para dito na mangalap nang ganoong mga impormasyon at palabasing nakakabasa nga ito ng palad.

“Papalpak ang gagawin mong misyon mamaya, ipapayo kong `wag ka nang tumuloy. Pero dahil matigas ang ulo mo at ayaw mong maniwala sa akin, hindi ka susunod kaya doble ingat na lang. Piliin mong mabuti ang pintong papasukan mo sa pagtakas, dito nakasalalay ang kaligtasan mo.”

Agad naiba ang ispekulasyon ni Leto sa mga sumunod na narinig. Walang ibang nakakaalam na may plano siyang pumuslit sa kuwarto ni Lao nang gabing iyon, at napag-isipan niya lang iyon ilang minuto pa lang ang nakakalipas. Nahalata siguro agad sa kanyang mukha ang pagkabahala kaya nagtanong si Samuel.

“I hit a nail, didn’t I?” At mukhang natutuwa ito lalo. Tumingin si Samuel sa mukha ni Leto, marahang pinisil ang kanyang palad gamit ang isang hinlalaki, at saka nito binaliktad ang kanyang kamay bago idinampi ang malabot at mainit na mga labi sa kanyang kamao. Tinaasan lang niya ito ng kilay.

Imbes na mamangha ay lalong nainis si Leto kay Samuel.

Mabilis niyang binawi ang kanyang kamay.

“Hindi porket may mga sinabi kang medyo malapit sa katotohanan, eh, tama ka na. Sorry to say pero hindi pa rin benta sa `kin `yang kalokohan mo.”

“We’ll see,” nagkibit balik at si Samuel. “Basta binalaan kita. Nasa sa `yo na lang kung maniniwala ka o hindi. Walang sisihan. So, good luck sa `yo, Officer.”

Bumunot si Samuel ng isang dollar bill sa pitaka nito at inilagay sa mesa. Malagkit pa rin ang tingin nito kay Leto at may mapaglarong kislap ang mga mata, tila kumpiyansang-kumpiyansa sa kalalabasan ng hula nito.

“Nice to meet you. Hanggang sa susunod,” mapusok nitong nilapit ang mukha kay Leto at

mabilis na pinisil ang baba niya saka sumibat bago pa man makapag-react si Leto.

Sinundan niya ng tingin si Samuel hanggang makalabas ng bar lounge. May nakasalubong pa itong isang lalaki at nakabunguan ng balikat. Mabilis na humingi ng dispensa ang nakabunggo na agad namang isinawalang bahala ni Samuel bago tumuloy sa pintuan.

Napatitig si Leto sa lalaki dahil mukha itong pamilyar sa kanya pero hindi niya maalala kung saan niya ito nakita. Isinantabi na lang niya iyon dahil pakiramdam niya, hindi naman iyon mahalaga.

Weird. Hindi niya maipaliwanag pero may pakiramdam siyang hindi iyon ang magiging una at huling pagkakataon na magku-krus ang kanilang mga landas.

Napabuntong-hininga si Leto. Mukhang maiiba ang misyong ito kompara sa mga naunang hinarap niya.



HINDI TALAGA NAPIGIL NG BABALA NI

Samuel si Leto at sumige pa rin siya sa planong pagpuslit sa VIP room ni Lao kahit malaki ang posibilidad na pumalpak ito.

Hindi nawawalan ng bantay sa labas ng pinto, at sinisipat nila ang bawat sulok ng trolley ng room service na papasok at lalabas ng kuwarto. Pinag-aralan ni Leto ang time intervals ng dating ng room service at pagpapalit ng mga staff na nagdadala ng mga gamit at pagkain na kinakapkapan pa bago at matapos maghatid at kumuha ng pinagkainan. Sigurista talaga si Lao, napaghahalatang may itinatago.

Game plan: Susubukan niyang dikitan ng isang micro-chip digital audio recorder ang isa sa mga bodyguards ni Lao sa pagbabakasakaling may mapakinggang anumang usapan na maaaring magamit na lead at ebidensiya ng kanyang mga transaction at accomplices.

Alam niyang tunog inefficient ang plano niya dahil puwedeng hindi naman kasama ni Lao buong araw ang magsisilbi niyang kasabwat. Pero ang audio recorder lang ang tanging spying device na meron siya ngayon at wala na siyang maisip na ibang paraan.

Masyadong delikado kung magdi-disguise siya bilang housekeeper para lang mag-install ng hidden camera, at wala rin siyang camera na posibleng makalusot sa mahigpit na security ni Lao.

Desperado na siya, alam ni Leto iyon, pero hindi naman puwedeng wala siyang gawin dahil lang sa hindi niya makitaan ng butas ang depensa si Lao. At kompara sa pagbabalat-kayo at mahuli kapag minalas kung susugal nga siyang pasukin ang silid ni Lao, mas pipiliin na niyang pumalpak sa pagbabakasakali at makalabas sa VIP floor ng buhay.

May dalawang bantay sa may pintuan ng

kuwarto, isa sa kanila ay ang nakita niyang guard na makailang ulit na naglabas-pasok sa loob base sa CCTV. Likely na ito ang mas malapit at madalas nakadikit kay Lao.

Saktong amoy alak siya matapos uminom at manggaling sa bar lounge. Naikabit na rin niya sa kanyang tainga ang isang wireless earbud na naka-sync sa micro-chip audio recorder na dapat niyang maidikit sa target.

Maliit man ang recording device ay meron itong GPS at High Sensitivity Microphone na nakakapag-record ng high quality recordings at may mahabang duration. It comes with a camouflage kit. Puwedeng iayon sa kulay ng bagay na didikitan para hindi basta mapansin. Isa iyon sa mga bagongangkat na spying equipment mula Amerika na in-issue sa kanila para sa mga darating na drug-related operations.

Para maiwasang mapunta sa kanya ang focus ng mga bodyguards, makikisabay siya sa room service at kunwaring mabubunggo ang bodyguard dala ng kalanguan sa alak sa oras na inspeksyunin na ng mga ito ang trolley na dala ng room service.

Inabangan ni Leto ang ETA ng room service na sigurado niyang papunta kay Lao at sinabayan

itong sumakay sa elevator, sumuray-suray siya dala ng huwad na kalasingan. Ilag siyang tiningnan ng staff, parang nagbabantay kung masusuka o tutumba siya. Masaya siyang malaman na hindi naman pala ganoon kasama ang acting skills niya kompara sa inaakala niya.

Pero kabado si Leto. Isang maling galaw lang niya ay maaari nang maging mitsa ng kanyang misyon at buhay. Hindi niya tuloy maiwasang maalala ang hula sa kanya ni Samuel. Pero huli na ang lahat para umatras ngayon—ilang sandali na lang ay parating na ang elevator na sinasakyan nila sa palapag kung nasaan ang kuwarto ng target.

Diretso pero mabagal niyang sinundan ang room service sa hallway, nakahawak ang isa niyang kamay sa noo. Agad silang napuna ng dalawang guard at tulad ng inaasahan, nakatuon ang kanilang pansin sa room service. Lalong lumakas ang pintig ng kanyang dibdib sa kaba nang ilang dipa na lang ang layo nila sa mga ito.

Hanggang sa huminto na ang staff sa tapat ng kuwarto ni Lao at parang mga de-susing manika na nagsimula nang siyasatin ng mga bodyguards ang food trolley. Yumuko ang target niya at doon niya sinadyang madikitan ang lalaki bago mabilis

na umiwas nang matagumpay niyang naidikit ang recorder sa likuran nito.

“S-Sorry, sorry, sorry!” Leto slurs. Itinaas niya pareho ang kanyang mga kamay nang paambang dumapo ang kamay ng target sa baywang nito para bumunot ng baril. “Whoa. Chill lang, bro. Pasensiya na, medyo nahilo lang. Sorry talaga,” nakangiwi siyang napakapit ulit sa ulo niya. “Ouch. Tsk,” sabi pa niya bago tumuloy sa paglalakad.

“Okay ka lang, Mike?”

Ayos, malinaw ang naririnig niya mula sa recorder. Makakahinga na sana siya nang maluwag nang—

“Okay lang pero parang may iba akong pakiramdam sa lalaking `yon. Tawagin mo sandali `yong dalawa sa loob para i-check `tong trolley. Sundan natin siya para makasiguro.”

Ah, talaga naman. Inaalat nga yata talaga siya ngayong araw na ito.

Binagtas pa rin niya ang hallway kahit alam niyang wala siyang madadaanan palabas kung doon siya papunta.

Pinakikiramdaman ni Leto ang mga kilos ng mga bodyguard sa likod niya. Hindi hamak kasing mas ligtas tahakin iyon kaysa harap-harapan niyang

salubungin ang mga ito at makipagbakbakan kapag minalas na.

May isang kanto siyang nakita at pinili niyang lumiko doon habang pinakikinggan sa recorder ang paglapit ng mga bodyguard—para lang matigilan dahil dead end ang dulo nito.

Patay na.

Binagalan niya ang lakad at nagmasid. May isang CCTV sa isang sulok, nakatutok ito sa kabilang bahagi ng pasilyo, at hindi siya nakukunan niyon. Masuwerte pa rin siya. Pero saan na siya pupunta mula dito?

Piliin mong mabuti ang pintong papasukan mo sa pagtakas, dito nakasalalay ang kaligtasan mo, 'bigla niya ulit naalala ang hula ni Samuel.

Heh. Not bad, hindi siya makapaniwala.

Mukhang isa ngang lehitimong manghuhula si Manyak. Astig. Pero hindi ito ang oras para mamangha. Kailangan niya munang sundin ang hula sa kanya at makapili ng tamang pinto para makaligtas.

Bukod tangi sa anim na kuwarto ay may isang pinto na hindi nahahagip nang husto ng CCTV, at masuwerteng malapit lang ito sa kanya. Ang tanong lang ay kung bukas ba ito, o kung pagbubuksan

ba siya kung kakatok siya? Tsk, masyado siyang naging kompiyansa at padalos-dalos, madadali siya sa mga ginagawa niya. Oras na yata para magbawas ng katigasan ng ulo.

Bahala na.

Kalmado niyang nilapitan ang pinto at inabot ang doorknob. Pinakawalan niya ang hiningang hindi niya napansing pinigilan niya nang maramdaman na bukas iyon. Dali-dali niya iyong pinihit at pumasok sa loob. Sinara niya ang pinto at nakahinga ulit nang maluwag nang hindi niya makitang nakabuntot ang mga bodyguards sa kanya. Pero hindi rin nagtagal ang natikman niyang kakampantehan nang makarinig siya ng dalawang kasa ng baril mula sa kanyang likuran.

Lagot na. Naubusan na yata siya ng suwerte. Pinipilit ni Leto na manatiling kalmado pero handa siyang bumunot ng baril anumang oras. Itinaas ni Leto ang kanyang mga kamay at saka dahan-dahang pumihit para harapin ang mga taong hindi niya sinasadyang gambalain.

Saglit niyang nalimutang huminga nang makaharap ang dalawang lalaking halos idikit na sa kanyang mukha ang mga hawak na baril, handang-handa siyang tapusin sa isang senyas. Pero hindi

naman sila ang pangunahing dahilan ng kanyang pagkagulat. Sadyang hindi lang siya makapaniwala sa pagkakataon.

Nakaupo sa sofa, sa likod ng dalawang armadong lalaki, ang lalaking may pamilyar na ngisi at mapungay na mga mata. Ito rin ang taong pilit niyang pinalalayo sa kanya kani-kanina lang. Mukhang pareho lang silang nagulat, ang pagkakaiba lang ay kabado si Leto, at naaaliw naman si Samuel.

Kapag sinusuwerte ka nga naman.



NANLILISIK ANG TINGIN SA KANYA

ng dalawang bodyguards samantalang hindi niya naman mabasa ang ekspresyon sa mukha ni Samuel.

Nakatuon ang tingin ni Samuel sa kanya na parang pinagkakatuwaan pa ang kabado niyang hitsura.

Kupal talaga, ang lakas mang-asar.

Isang nakakainsultong ngiti ang ibinigay ni Samuel kay Leto bago ipinatong ang hintuturo sa mga labi, senyas na huwag muna siyang magsasalita. Tapos ay naiba ang ekspresyon nito at naging magkahalong tuwa at gulat.

“Leto?” kunwari ay gulat na tanong ni Samuel.
“Hey, guys. Put the guns down. Kilala ko siya.”

Sabay na napatingin ang dalawang bodyguards kay Samuel, kinukumpirma kung tama ba ang narinig nila.

“Sir?” pagtataka ng isa.

“Yeah. Kaibigan ko siya. Inimbita ko siyang pumunta dito. Kalma lang. Pasok ka, Let,” nakuha pa nitong gawan siya ng impromptu na palayaw.

He picks the cue up at sumakay na lang.
“Sorry, nakabukas kasi `yong pinto. Akala ko kasi mag-isa ka lang dito.”

“Sino sa inyo ang nakaiwang bukas ang pinto?” tanong ni Samuel.

Nagtinginan ang mga bodyguards.

“Ah, sorry. Ako yata. Okay lang, Let. Have a seat. Guys, sa may pinto na muna kayo magbantay, mag-uusap lang kami.”

May kaunting pagdududa man sa mga mukha, hindi nag-atubiling sumunod ang dalawang bodyguards. Nagbigay sila ng daan para kay Leto at kaswal naman siyang humakbang palapit kay Samuel na mukhang nasa kalagitnaan pa ng pag-inom ng kape at kaliligo lang dahil basa pa ang buhok at nakasuot na ito ng komportableng polo

shirt at pantalon. Bukas ang dalawang itaas na butones ng shirt nito, at masisilip ang kaunting balat ng matikas nitong dibdib at collar bones. Nang makaupo na si Leto saka lang lumabas ang dalawa. Tuluyan siyang nakahinga nang malalim nang lumapat na ang pinto.

“Ngarag ka, ha. Kumusta ang pagmamatyag mo kay Chengwa?” sabi ni Samuel bago sumandal sa upuan at humigop ng kapeng umuusok pa.

Accommodating si Samuel, at alam nila parehong hindi ito libre.

“Ayos lang kaso muntik na ko. Sinundan ako ng mga bodyguard niya, buti na lang hindi nila ako nahabol. `Wag kang mag-alala, sinigurado kong hindi nila malalamang dito ako pumasok.”

“Bakit ka nga ba dito pumasok?”

“Sabi mo piliin kong mabuti ang pintong papasukan ko, `di ba? Sinunod ko lang ang hula mo.”

Tumawa si Samuel. “I told you. So, kombinsido ka na?”

“Depende. Kamuntik man ako, hindi pa naman talaga pumalpak ang plano.” Madali niyang nilabas ang phone niya at binuksan ang isang spying app na konektado sa audio recorder

para i-monitor ang location ng target at i-set ang recording.

“Para saan `yan?” usisa ni Samuel.

“Tracking app para masubaybayan ko `yong isang bantay ni Lao. Kinabitan ko siya ng recorder.”

“Wow, high tech.”

“Yeah.”

Leto turns on the loudspeaker para makapakinig din si Samuel. Patuloy na nare-record ang usapan ng dalawang guards.

“Nawala `yong lalaki, baka nakapasok na sa kuwarto niya. Balik na tayo, baka hanapin tayo ni Boss.”

“Sige... pero may ibang kutob talaga ako. Ngayon ko lang nakitang pumunta iyong lalaking `yon sa floor na `to.”

“Alangan namang isa-isahin nating istorbohin `yong ibang guests? Gulo `yon `pag nagkataon. Ano ba`ng pakiramdam mo?”

“Ewan. Baka nga napapraning lang ako. Nadikitan niya ko, eh.”

“Nahipuan ka ba?”

Tumingin si Samuel sa kanya, sabay ngisi.

“Hindi naman, napakapit lang sa likod ko. Anyway, patapos na ang shift ko. Kayo muna d`yan,

ligo lang ako saka idlip at babalik din ako agad.”

Napakunot na lang ng noo si Leto sa mga sumunod na tunog na narinig: mga hakbang, pintong nagsara, isang malakas na kalabog na parang bumagsak sa kung saan ang recorder, at isang notification mula sa GPS tracker na tuluyang nagpainit ng ulo niya.

‘Error: Connection Lost.’

“Shit.”

“Mission failed,” pahikab na pang-aasar ni Samuel. “Sinabi ko na sa `yo, papalpak `yan.”

“Buwisit. Baka na-detach iyong recorder o nadaganan ng kung ano kaya nawalan ng reception.” Yamot siyang napakapit sa sariling noo. Hindi siya makapaniwala—mukhang isang ngang totoong manghuhula si Samuel, and a good one at that. “Ang mahal pa man din ng audio recorder unit na iyon. Patay na naman ako kay Chief.”

“Hindi ba mas patay ka kapag may nakapulot at nakapunang recorder iyon?” gatong ni Samuel.

“Oo nga kaya patambay muna dito pansamantala.”

“Sure. So, tell me about it. Ano ba ang plano mong gawin kay Lao?” usisa ni Samuel. This time, hindi na puwedeng magsungit o tumanggi

sa pagsagot si Leto dahil nasa teritoryo siya nito, at siya ang humihingi ng pabor.

“Hindi ako puwedeng magbigay ng mga partikular na impormasyon, pero generally, gusto kong magkaroon ng recorded footage mula loob ng kuwarto ni Lao para makakuha ng ebidensiya laban sa kanya. Iyon ay kung sakaling may makunan nga akong kapaki-pakinabang.”

“I see. So, ngayong pumalpak ka, ano na ang next move?”

“Hindi ko pa alam,” pag-amin ni Leto. “May isa pa akong unit ng recorder dito, at hindi na ko puwedeng pumalya sa susunod. Malakas ang depensa niya, maingat at hindi basta nadadala sa asset kaya kahit mag-disguise kaming buyer baka makatunog lang siya at umatras. Either mag-suicide ako at sumugod sa kuwarto niya para lang makapag-set ng recorder or makahanap ng kakuntiyaba na pinagkakatiwalaan niya at makakapasok sa loob. Iyon na lang ang mga naiisip kong paraan.”

Nasundan ng katahimikan ang paliwanag niya. Nakatitig lang sa kanya si Samuel na parang tinubuan siya ng dalawang ulo.

“Ano?” iritang tanong niya dito.

Sasagot sana si Samuel nang may mag-ring na cell phone. Nangapa ito sa pantalon at hinugot ang telepono mula sa balsa na nasa likod nito.

“Hello, Mr. Lao?” nakangiting sinagot ni Samuel ang phone.

Nagulat at napatanga sa kanya si Leto.

“Ah, magpapabasa ka ulit? Walang problema. Okay lang, hindi pa naman ako matutulog. Magbibihis lang ako saglit. Hmm, hindi na, nakapag-kape na ako. I’ll be there in five minutes. Okay,” at mabilis ring naputol ang kanilang usapan.

“Dala mo ba iyong extra mong recorder?”

“Oo naman. Bakit? Ano’ng gagawin mo?”

“Akin na.”

“Ha? Seryoso ka talaga?”

“Ibigay mo na lang,” utos nito at saka inilahad ang kamay.

“Hindi talaga kita maintindihan,” bulalas ni Leto. “May atraso ba sa `yo si Lao?”

“Wala,” walang pasakalyeng sagot nito.

“Walang naiipong sama ng loob o kulang na bayad?”

“Wala rin.”

“Ayaw kang bigyan ng wage increase?”

“Sa laki niyang magbayad, ipinamimigay ko

na minsan iyong iba.”

“Eh, bakit?” naguguluhan si Leto. “Hindi ko kasi ma-gets at matanggap na kaya mong ipagkalulo ang sarili mong kliyente na pinapahiga ka sa pera dahil lang ano? Dahil ba gusto mo akong ikama? Iyong totoo? Anong pangti-trip `to?”

“Basta ibigay mo na lang ang recorder.”

Hindi talaga maintindihan ni Leto ang saltik ng taong ito pero para sa isang taong parang nasisiraan na ng bait desidido siya. Na kung tutuusin ay dapat na sinasamantala niya para mairaos ang misyong ito.

Kinuha niya sa isang bulsa ang nakatabing recorder na kaparehong-kapareho ng naunang unit na nabigong magawa ang misyon. Inilagay niya ito sa nakalahad na kamay ni Samuel.

“Saan ko dapat ilagay `to?” tumayo si Samuel, inayos ang kuwelyo ng suot na polo at pinadaanan ng kamay ang mamasa-masa pa ring buhok. Guwapo talaga ito kahit anong pilit ni Leto na i-deny.

“Hoy, sigurado ka ba dito?”

“Kay Lao ko na lang mismo ididikit `to, ha?”

“Samuel! Hindi mo alam ang ginagawa mo!”

Ibinulsa ni Samuel ang audio recorder at saka

naglakad palabas ng pinto. Nilíngon niya si Leto na may nangangakong ngiti sa mga labi.

“Thanda mo na ang sarili mo pagkatapos kong magawa `to. Mahal akong maningil, just so you know.”

Pinamulahan ng mukha si Leto. Kung gawa ba iyon ng hiya, takot o excitement, hindi na siya sigurado.

“See you later,” naiwang mag-isa sa kuwarto si Leto. Natawa at napailing na lang siya dahil hindi niya talaga napigil si Samuel.



Thank you for reading the sample copy.

You may order the book online at www.preciousshop.com.ph
or you may visit any Precious Pages Bookstores located at SM
Calamba / SM Dasma / SM Manila / SM Mall of Asia / SM North
Edsa / SM Cebu / PPC Pasig / PPC Sto. Domingo.